

# ANG IYONG MGA KARAPATAN AT PROTEKSYON LABAN SA MGA NAKAKAGULAT NA MEDIKAL NA BAYARIN

*Kapag kumuha ka ng pang-emergency na pangangalaga o ginamot ng isang out-of-network na tagapagbigay sa isang in-network na ospital o ambulatory surgical center, protektado ka mula sa nakakagulat na bayarin o balanseng bayarin.*

## **ANO ANG "BALANSENG BAYARIN" (PAMINSAN-MINSANG TINATAWAG NA "NAKAKAGULAT NA BAYARIN")?**

Kapag nagpapakonsulta ka sa isang doktor o iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, maaaring may babayaran kang gastusin mula sa sarili mong bulsa, gaya ng copayment, coinsurance, at/o maibabawas. Maaaring may iba pa kang gastusin o kailangang bayaran ang buong bayarin kung nagpakonsulta ka sa isang tagapagbigay o bumisita sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na wala sa network ng iyong planong pangkalusugan.

Inilalarawan ng 'out-of-network' ang mga tagapagbigay at pasilidad na walang kontrata sa iyong plano ng pangkalusugan. Maaaring payagan ang mga out-of-network na tagapagbigay na singilin ka para sa matitira sa pagitan ng kung ano ang sinang-ayunang bayaran ng iyong plano at ang buong halagang sinigil para sa isang serbisyo. Tinatawag itong **"balanseng bayarin."** Ang halagang ito ay malamang na higit sa mga in-network na gastusin para sa parehong serbisyo at maaaring hindi ibilang sa iyong taunang limitasyon sa sariling gastusin.

Ang "nakakagulat na bayarin" ay isang hindi inaasahang balanseng bayarin. Puwede itong mangyari ka pag hindi mo makontrol kung sino ang kalahok sa iyong pangangalaga — gaya ng kapag nagkaroon ka ng pang-emergency o kapag nag-iskedyul ka ng pagkonsulta sa isang in-network na pasilidad pero hindi inaasahang ginamot ng isang out-of-network na tagapagbigay.

## **PROTEKTADO KA MULA SA BALANSENG BAYARIN PARA SA:**

### **Mga pang-emergency na serbisyo**

Kung mayroon kang pang-emergency na medikal na kondisyon at nakakuha ng mga pang-emergency na serbisyo mula sa isang out-of-network na tagapagbigay o pasilidad, ang pinakamalaking masingil sa iyo ng tagapagbigay o pasilidad ay ang in-network na halaga na paghahatiang gastos ng iyong plano (gaya ng mga copayment at coinsurance). Hindi ka puwedeng makatanggap ng balanseng bayarin para sa mga pang-emergency na serbisyong ito. Kabilang dito ang mga serbisyong maaaring mong makuha pagkatapos mong magkaroon ng maayos na kondisyon, maliban kung nagbigay ka ng nakasulat na pahintulot at isinuko ang iyong mga proteksyon na hindi makatanggap ng balanseng bayarin ara sa mga serbisyong ito pagkatapos ng iyong stabilization.



### **Ilang serbisyo sa isang in-network na ospital o ambulatory surgical center**

Kapag kumuha ka ng mga serbisyo mula sa isang in-network na ospital o ambulatory surgical center, maaaring out-of-network ang ilang tagapagbigay roon. Sa ganitong mga kaso, ang pinakamalaking puwedeng singilin sa iyo ay ang in-network na halaga na paghahatiang gastos ng iyong plano. Nailalapat ito sa pang-emergency na gamot, anesthesia, pathology, radiology, laboratory, neonatology, assistant surgeon, hospitalist, o mga intensivist na serbisyo. Hindi ka puwedeng singilin ng mga tagapagbigay na ito at hindi puwedeng hilingin sa iyo na isuko ang iyong mga proteksyon na hindi makatanggap ng balanseng bayarin.

Kung kumuha ka ng iba pang serbisyo sa mga in-network na pasilidad na ito, hindi ka puwedeng makatanggap ng balanseng bayarin mula sa mga out-of-network na tagapagbigay, maliban kung magbigay ka ng nakasulat na pahintulot at isuko ang iyong mga proteksyon.

**Hindi mo kailanman kailangang isuko ang iyong mga proteksyon na hindi makatanggap ng balanseng bayarin. Hindi mo ring kailangang kumuha ng pangangalaga na out-of-network. Puwede kang pumili ng isang tagapagbigay o pasilidad sa network ng iyong plano.**

### **KAPAG HINDI PINAPAYAGAN ANG BALANSENG BAYARIN, MAYROON KA RIN NG SUMUSUNOD NA MGA PROTEKSYON:**

- » Ikaw ang may responsibilidad sa pagbabayad ng iyong bahagi ng gastos (gaya ng mga copayment, coinsurance, at mga maibabawas na dapat mong bayaran kung in-network ang tagapagbigay o pasilidad). Direktang babayara ng iyong planong pangkalusugan ang mga out-of-network na tagapagbigay at pasilidad.
- » Karaniwang kailangan ng iyong planong pangkalusugan na:
  - » Bayaran ang mga pang-emergency na serbisyo nang hindi mo kinakailangang kumuha ng pag-apruba para sa mga serbisyo nang mas maaga (paunang pagpapahintulot).
  - » Bayaran ang mga pang-emergency na serbisyo ng mga out-of-network na tagapagbigay.
  - » Ibatay ang babayaran mo sa tagapagbigay o pasilidad (paghahatiang gastos) sa kung magkano ang babayaran nito sa isang in-network na tagapagbigay o pasilidad at ipakita ang halagang iyon sa pagpapaliwanag ng iyong mga benepisyo.
  - » Ibilang ang anumang halagang binayaran mo para sa mga pang-emergency na serbisyo o out-of-network na serbisyo sa iyong mga maibabawas at limitasyon sa sariling gastusin.

Kung naniniwala kang may pagkakamali sa siningil sa iyo, puwede kang makipag-ugnayan sa aming tanggapan ng negosyo sa **(651) 968-5050**. Bumisita sa [www.cms.gov/nosurprises](http://www.cms.gov/nosurprises) para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyo ng mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas.

Puwede kang bumisita sa [www.ag.state.mn.us/consumer/health/default.asp](http://www.ag.state.mn.us/consumer/health/default.asp) para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng batas ng Minnesota.

